TOMO 1
ISYU 3
HULYO-SETYEMBRE
2026

P-ISSN: 3116-4463
E-ISSN: 3116-4471

# PDPF

## Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino

*Isang Pandaigdigang Larangan para sa Filipino, Kultura, at Pagkakakilanlan*

**WIKA**
Tagapag-ugnay ng diwa at pag-iisip

**KULTURA**
Yaman ng ating lahi at pagkakakilanlan

**PAGKAKAKILANLAN**
Pagmamalaki sa ating pagka-Pilipino

**PAGMAMAHAL SA BAYAN**
Tungkulin sa kasalukuyan, pag-asa sa bukas

**KATATAGAN**
Lakás ng loob, tapang sa hamon ng panahon

FILIPINO
PANANALIKSIK
KASAYSAYAN
LITERATURA
WIKANG PILIPINO

INILATHALA NG
ETCOR
EDUCATIONAL RESEARCH CENTER

PANDAIGDIGANG PERSPEKTIBA | DE-KALIDAD NA PANANALIKSIK | RESPONSABLENG PAGLATHALA | PAGHUSAY SA EDUKASYON

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Mga mukha ng pag-ibig sa mga piling tulang Filipino nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo: Isang pagsusuring pampanitikan**

Frank B. Blanza, LPT, MATFil
Divine Word College of Bangued
Corresponding Author email: *frank.blanza@deped.gov.ph*

**Received**: 15 July 2026 **Revised**: 20 July 2026; 14 August 2026; 19 August 2026; 26 August 2026; 31 August 2026

**Accepted**: 06 September 2026 **Available Online**: 07 September 2026

**Volume 1 (2026), Issue 3, P-ISSN – 3116-4463; E-ISSN - 3116-4471**

https://doi.org/10.63498/pdpf10

**Layunin:** Nilalayon ng pag-aaral na suriin at mabigyang-kahulugan ang iba't ibang mukha ng pag-ibig sa mga piling tula nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo. Sinusuri nito ang talinghaga, simbolismo, imahen, himig o tono, at mensahe, gayundin ang mga temang nagpapahayag ng pag-ibig bilang sakripisyo, pangungulila, pagdurusa, pag-asa, at paghilom, bilang batayan sa pagbuo ng isang mungkahing kagamitang pampagtuturo sa Filipino.
**Metodolohiya:** Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na nakatuon sa pagsusuring pampanitikan. Isinagawa ang Pagsusuri ng Nilalaman (Content Analysis), Mapanuring Pagsusuri (Critical Analysis), at masusing pagbasa (close reading) sa anim na piling teksto. Sinuri ang mga akda batay sa mga elementong pampanitikan at sa historikal, kultural, panlipunan, at ideolohikal na konteksto ng mga ito.
**Resulta:** Natuklasang mahalagang batayan ng kahulugan sa mga piling tula ang talinghaga, simbolismo, imahen, himig o tono, at mensahe. Ipinakita ng pagsusuri na ang pag-ibig kay José Corazón de Jesús ay inihahayag bilang makapangyarihang damdamin, pagninilay, at sakripisyo; kay Francisco Baltazar, bilang dalamhati, katapatan, sakripisyo, at pangungulila na may panlipunang dimensiyon; at kay Juan Miguel Severo, bilang personal, sugatan, at mapagpalayang karanasan na nakaugat sa sakit at paghilom. Mula rito, nabuo ang batayan para sa isang mungkahing kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo.
**Konklusyon:** Ipinakikita ng pag-aaral na ang sistematikong pagsusuri sa mga piling tula ay nakapagpapalalim sa pag-unawa sa iba't ibang representasyon ng pag-ibig at sa ugnayan nito sa kontekstong panlipunan at kultural. Ipinahihiwatig din ng mga natuklasan na maaaring magsilbing batayan ang pagsusuring tekstuwal sa pagbuo ng isang kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo para sa literasiyang pampanitikan at mapanuring pag-unawa.
***Mga Susing Salita:*** *tula ng pag-ibig, panitikang Filipino, talinghaga, simbolismo, pagsusuring pampanitikan*

## INTRODUKSYON

Ang panitikan ay nagsisilbing mahalagang daluyan ng kolektibong alaala, kultura, at pagpapahalaga ng isang pamayanan, mula sa mga tradisyong pasalita hanggang sa iba't ibang anyo ng nakasulat at makabagong panitikan (Delamide et al., 2025). Nagsisilbi itong daluyan ng pagpapahayag ng damdamin, kaisipan, at pananaw sa mundo na tumutulong sa pag-unawa sa identidad, tradisyon, at sosyo-kultural na pamumuhay ng isang komunidad. Sa ganitong pananaw, mahalagang isaalang-alang ang wika bilang bahagi ng paghubog at pagpapahayag ng identidad, sapagkat ang mga paraan ng paggamit nito ay maaaring magpakita ng ugnayan ng indibidwal o pamayanan sa kanilang kultura at panlipunang karanasan (Esparagoza & Flores, 2026). Sa lahat ng anyo ng panitikan, ang tula ang itinuturing na isa sa pinakamatingkad na masining na pagpapahayag dahil sa paggamit nito ng piling salita, ritmo, imahen, at simbolismo upang makalikha ng malalim na kahulugan at damdamin (Arcilla, 2024). Sa pandaigdigang diskurso, higit na binibigyang-pansin ng mga bagong pag-aaral ang tula bilang anyong maaaring magbukas ng usapin hinggil sa identidad, kultura, kritikal na literasiya, at ugnayan ng teksto sa mga karanasang panlipunan, kabilang ang mga poetics mula sa Global South (Topper & Suhr-Sytsma, 2024). Ipinakikita rin ng mga kontemporaryong pag-aaral sa edukasyong pampanitikan na ang pag-aaral ng tula ay maaaring umabot sa multimodal at performatibong anyo, sa halip na manatili lamang sa tradisyonal na pagbasa ng teksto (Munita & Torres, 2024; Reynaert et al., 2024).



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Sa historikal na pag-unlad ng panulaang global, ang tema ng pag-ibig ay nananatiling unibersal at permanenteng paksa na tumatawid sa iba't ibang kultura. Sa Kanluraning tradisyon, ang estruktura ng romantikong sentimentalismo ay higit na pinagtibay sa pamamagitan ng mga soneto ni William Shakespeare noong ika-16 na siglo. Sa Silangang Asya naman, ang estetika ng panulaan ay pinayaman ng mga klasikong makata tulad nina Li Bai at Du Fu sa Tsina, Matsuo Basho sa Japan, at Ko Un sa Korea, na nag-iwan ng malalalim na pagninilay ukol sa mas banayad ngunit mapang-antig na anyo ng pag-ibig at kalikasan (Bashō, 2022). Sa pagpasok ng modernong panahon, ang diskurso ng tula ng pag-ibig ay patuloy na nagbabago, habang ang mga digital at performatibong anyo ng panulaan ay lumilikha ng bagong espasyo para sa pakikilahok ng kabataan at pagpapahayag ng identidad (Curwood, 2024; Lemieux et al., 2024). Dahil dito, ang pag-ibig sa tula ay maaaring basahin hindi lamang bilang personal na damdamin kundi bilang diskursong nakaugat sa partikular na kultura, panahon, at paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga mambabasa at makata.

Sa kontekstong Pilipino, ang tula ng pag-ibig ay maaaring unawain bilang bahagi ng patuloy na pag-unlad ng panitikang nakaugat sa tradisyong oral at kulturang Filipino. Kaugnay nito, mahalagang kilalanin ang pagkakaiba-iba ng mga anyo at gamit ng wika sa iba't ibang pamayanan, sapagkat ang varyasyong leksikal ay maaaring sumasalamin sa partikular na karanasan at kontekstong panlipunan ng mga tagapagsalita (Cogo et al., 2026). Ayon kina Delamide et al. (2025), ang folklore at oral traditions ay nagsisilbing mahalagang tagapangalaga ng kulturang pamana at kolektibong alaala ng mga Filipino. Sa ganitong pananaw, ang pagpapahayag ng pag-ibig sa tula ay hindi lamang sumasalamin sa personal na damdamin ng makata, kundi maaari ring maglaman ng mga pagpapahalaga, pananaw, at karanasang hinubog ng kulturang Pilipino. Sa paglipas ng mga dantaon, ang estetika at sensibilidad ng panulaang Filipino ay sumailalim sa mga estruktural at pampaksang transisyon. Mula sa tradisyunal at mahigpit na anyong metrikal na pinangunahan ni Francisco Baltazar noong panahon ng Espanyol, nagbago ito patungo sa higit na romantiko ngunit makabayang pagpapahayag ni José Corazón de Jesús (Huseng Batute) noong panahon ng Amerikano at unang bahagi ng ika-20 siglo (Dalde, 2022). Sa kasalukuyan, ang tradisyong ito ay muling nag-anyo sa pamamagitan ng makabagong estruktura ng kontemporaryong spoken word poetry at digital na panulaan na pinatanyag ng mga makata tulad ni Juan Miguel Severo (Masinadiong & Pines, 2024). Mahalagang mailagay ang ganitong panulaang Filipino sa mas malawak na pandaigdigang usapin sapagkat ang mga akdang nagmumula sa Pilipinas ay nakapag-aambag sa pag-unawa sa mga karanasan ng Global South at sa sari-saring paraan ng pagbuo ng kahulugan tungkol sa pag-ibig, identidad, kultura, at lipunan (Topper & Suhr-Sytsma, 2024). Sa ganitong pananaw, nagiging makabuluhan ang pag-aaral ng piling tulang Filipino hindi lamang para sa lokal na mambabasa kundi maging sa mga internasyonal na mambabasang naghahanap ng mga tekstong nagpapakita ng partikular na karanasang kultural na may unibersal na dimensiyon.

Gayunpaman, sa kabila ng mayamang kasaysayan ng panitikan, nahaharap ang pag-aaral nito sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa mga kritikal na hamon (United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization [UNESCO], 2020). Sa lokal at internasyonal na antas, kapansin-pansin ang mga hamon sa interes, pag-unawa, at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagbabasa at pagsusuri ng mga akdang patula. Ipinakikita ng mga kontemporaryong pag-aaral na kapag ang pagtuturo ng tula ay inilapit sa multimodal, digital, at performatibong karanasan ng mga mag-aaral, mas nagkakaroon sila ng pagkakataong bumuo ng sariling relasyon sa kahulugan ng tula (Munita & Torres, 2024; Kangasharju et al., 2024; Reynaert et al., 2024). Ang sitwasyong ito ay naobserbahan din sa mga pag-aaral hinggil sa pagtuturo at pagkatuto ng tula. Sa ganitong konteksto, kinakailangan ang pagbuo ng mga makabago at kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo na gumagamit ng angkop na pamamaraan at kapaligiran sa pagkatuto upang higit na mapalawak ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pagpapahalaga sa tula (Lemieux et al., 2024).

Bukod sa mga hamong pedagohikal, may malaking puwang sa pananaliksik (research gap) sa larangan ng panulaang Filipino na tinutugunan ng pag-aaral na ito. Sa mga pag-aaral na sinuri, may malinaw na pagtalakay sa pandaigdigang pag-unlad ng poetics mula sa Global South, sa paggamit ng spoken word at digital poetry sa edukasyon, at sa pagbuo ng makabuluhang ugnayan ng mga kabataan sa tula (Topper & Suhr-Sytsma, 2024; Curwood, 2024; Lemieux et al., 2024; Munita & Torres, 2024). Gayunman, ang mga pag-aaral na ito ay hindi nakatuon sa isang pinagsamang, diakroniko at sosyo-kultural na pagsusuri sa mga piling tulang Filipino mula sa magkakaibang panahon upang matukoy ang pagbabago ng mga mukha ng pag-ibig. Sa partikular, hindi pa naipapakita sa kasalukuyang corpus ng mga sangguniang ginamit dito kung paano magkakaugnay ang talinghaga, simbolismo, imahen, himig, tono, diksiyon, at mga pahiwatig na panlipunan sa pagbuo ng iba't ibang anyo ng pag-ibig sa mga akda nina Francisco Baltazar, José Corazón de Jesús, at Juan Miguel Severo. Kulang din ang isang kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo na tuwirang nakabatay sa naturang sistematikong pagsusuri.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Upang mapunan ang puwang na ito, layunin ng pananaliksik na magsagawa ng masusing pagsusuri sa mga piling tula nina Francisco Baltazar, José Corazón de Jesús, at Juan Miguel Severo sa pamamagitan ng Pagsusuri ng Nilalaman (Content Analysis) at Mapanuring Pagsusuri (Critical Analysis). Ang pagpili sa tatlong makata ay nagbibigay-daan sa pagsusuri ng pagbabago ng diskurso ng pag-ibig sa magkakaibang historikal at poetikong konteksto. Sa pamamagitan ng mga pagdulog na ito, mailalantad ang ebolusyon ng panulaang Filipino at makabubuo ng isang kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo, tulad ng workbook o kalipunan ng mga nasuring akda. Ang kagamitang ito ay magsisilbing gabay sa mga guro at mag-aaral upang mapaunlad ang literasiyang pampanitikan, kritikal na pag-iisip, at pagpapahalaga sa kultura, sining, at identidad ng mga Pilipino.

**Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Ang Kakanyahan, Estetika, at Ebolusyon ng Tula

Ang panitikan ay pangunahing institusyong nag-iingat at naglalarawan sa kultural na identidad at historikal na kamalayan ng isang lipunan. Sa lahat ng anyo nito, ang tula ang itinuturing na pinakamasining na ekspresyon dahil sa natatangi nitong estruktura at kakayahang magpahayag ng matinding damdamin (Arcilla, 2024). Ayon kay Chen (2024), ang tula ay hindi lamang koleksyon ng mga salita kundi isang masining na paglalapat ng mga elementong pampanitikan, tulad ng talinghaga at simbolismo, upang makalikha ng mas malalim na kahulugan. Idinagdag ng mga bagong pag-aaral na ang makabagong pagtingin sa tula ay dapat ding isaalang-alang ang global, multimodal, at performatibong katangian nito, lalo na sa pagharap sa mga karanasan ng kabataan at mga tekstong mula sa Global South (Topper & Suhr-Sytsma, 2024; Munita & Torres, 2024).

Sa historikal na konteksto, ang panitikang Filipino ay umunlad mula sa mga tradisyong oral na nagsilbing daluyan ng kolektibong alaala, kultura, at pagpapahalaga ng pamayanan tungo sa iba't ibang anyo ng nakasulat at makabagong panitikan (Delamide et al., 2025). Sa Pilipinas, makikita ito sa transisyon mula sa metrikal at tradisyunal na estilo ni Francisco Baltazar patungo sa romantisismo at nasyonalismo ni José Corazón de Jesús (Dalde, 2022). Sa kasalukuyan, patuloy na umuunlad ang panulaan sa pamamagitan ng spoken word poetry at mga digital na plataporma na pinasikat ng mga makata tulad ni Juan Miguel Severo. Kasabay nito, nagbabago rin ang paraan ng paggamit ng wika ng kabataan sa mga digital na espasyo, na lumilikha ng mga bagong anyo ng pagpapahayag at pakikipag-ugnayan na maaaring makaapekto sa paraan ng pagtanggap at paglikha ng mga tekstong pampanitikan (Una, 2026). Ipinakikita ng mga kontemporaryong pag-aaral na ang pagbabagong ito ay hindi lamang usapin ng anyo; binabago rin nito ang paraan ng pakikilahok ng mambabasa, manlilikha, at mag-aaral sa tula (Curwood, 2024; Lemieux et al., 2024; Kangasharju et al., 2024).

Ang Tema ng Pag-ibig sa Panulaan at mga Sosyo-Kultural nitong Implikasyon

Ang pag-ibig ang kinikilalang pinakaunibersal na paksa sa pandaigdigang panulaan, na nagpapakita ng iba't ibang anyo at mukha sa paglipas ng panahon (Bashō, 2022). Ang tula ng pag-ibig sa makabagong panahon ay nagsisilbing salamin ng nagbabagong pananaw at karanasan ng tao hinggil sa pag-ibig. Hindi lamang nito inilalarawan ang romantikong damdamin, kundi maging ang pangungulila, pagnanasa, pagkakakilanlan, at iba pang karanasang kaugnay ng pakikipag-ugnayan ng tao. Sa pagsusuri nina Na et al. (2024), natuklasang bagama't may mga elementong nagmumula sa tradisyong pampanitikan, ang mga makabagong tulang pag-ibig ay nagpapakita ng magkakaibang personalidad at paraan ng pagpapahayag na naaayon sa kalagayan at malikhaing kapaligiran ng mga makata. Bunga nito, umusbong ang iba't ibang dimensyon ng pag-ibig, kabilang ang pagmamahal sa sarili, pamilya, kapwa, at bayan (Elisan, 2024). Ipinakikita rin ng mas bagong pananaliksik sa spoken word poetry na ang tula ay maaaring maging lunsaran ng pagkilala sa identidad, pakikilahok sa usaping panlipunan, at pagbibigay-boses sa karanasan ng kabataan (Curwood, 2024). Sa pagsusuri ng temang ito, mahalagang isaalang-alang ang sosyo-kultural na konteksto ng mga akda upang higit na maunawaan ang mensahe ng makata. Sa gayon, ang pag-ibig ay maaaring suriin bilang isang diskursong nagbabago ayon sa panahon, kultura, anyo ng teksto, at posisyon ng makata at mambabasa.

Mga Hamon at Isyu sa Pagsusuri at Pagtuturo ng Tula

Sa kabila ng estetikal at historikal na kahalagahan ng panulaan, ang pagtuturo at pagsusuri nito sa kasalukuyang sistema ng edukasyon ay nahaharap sa malalaking hamon (UNESCO, 2020). Sa internasyonal na konteksto, iniulat sa mga bagong pag-aaral na nananatiling hamon ang pagpapanatili ng interes ng mga kabataan sa tula, lalo na kung itinuturo ito bilang hiwalay sa kanilang aktuwal na karanasan at mga kontemporaryong anyo ng pakikipag-ugnayan (Reynaert et al., 2024; Munita & Torres, 2024). Pinatutunayan din ng mga pag-aaral sa spoken



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

word at digital poetry na maaaring maging mas makabuluhan ang pagkatuto kapag pinahihintulutan ang mga mag-aaral na gumamit ng performance, larawan, digital na plataporma, at sariling karanasan sa pagbuo ng kahulugan (Curwood, 2024; Lemieux et al., 2024). Sa ganitong pananaw, kinakailangang lumampas ang pagtuturo ng tula sa pormalistikong pagtalakay sa sukat at tugma at maisama ang kritikal, kultural, multimodal, at sosyo-kultural na pagbasa.

Ang Kahalagahan ng Kagamitang Pampagtuturo at Masusing Pagsusuri (Close Reading)

Upang matugunan ang mga nabanggit na hamong pedagohikal, ang pagbuo ng mga kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo ay itinuturing na isang estratehikong solusyon. Ang mga materyales tulad ng workbook, serye ng mga modyul, at kalipunan ng mga nasuring akda ay maaaring magsilbing gabay sa mga mag-aaral tungo sa malayang pagkatuto at mas mataas na antas ng pag-unawa (Mendoza-Baquing, 2023). Sa mga kontemporaryong pag-aaral, lumilitaw na ang digital, multimodal, at performatibong pagdulog ay maaari ring magbigay ng mas malawak na pagkakataon para sa pakikilahok at pagbuo ng kahulugan sa tula (Kangasharju et al., 2024; Reynaert et al., 2024). Samakatuwid, ang kagamitang bubuuin sa pag-aaral na ito ay dapat mag-ugnay ng masusing pagbasa, pagsusuring pampanitikan, kontekstong sosyo-kultural, at mga gawaing makatutulong sa aktibong pag-unawa ng mag-aaral.

**Sintesis ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Ipinakikita ng mga kaugnay na literatura na ang tula ay isang dinamiko at kultural na anyo na patuloy na nagbabago kasabay ng historikal, panlipunan, at teknolohikal na pagbabago. Sa pandaigdigang literatura, lumalawak ang pag-aaral sa tula tungo sa Global South, spoken word, digital poetry, multimodal na pagbasa, at mga performatibong gawain. Sa kontekstong Pilipino, makikita naman ang malinaw na pagbabago mula sa tradisyunal na panulaan tungo sa makabagong mga anyo. Gayunman, batay sa mga pag-aaral na sinuri, kulang ang isang pinagsamang pagsusuring diakroniko at sosyo-kultural na nakatuon sa mga piling tula nina Francisco Baltazar, José Corazón de Jesús, at Juan Miguel Severo upang matukoy ang ebolusyon at iba't ibang mukha ng pag-ibig gamit ang iisang sistematikong balangkas ng pagsusuri. Higit pa rito, kulang ang kagamitang pampagtuturo na tuwirang nakabatay sa naturang pagsusuri. Ang puwang na ito ang tinutugunan ng kasalukuyang pananaliksik.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang pananaliksik na ito ay pangunahing nakaangkla sa Teorya ng Diskurso (Discourse Theory) nina Michel Foucault (1972) at Norman Fairclough (1992). Sa pananaw na ito, sinusuri ang wika at panitikan bilang mga panlipunang praktika na may kaugnayan sa pagbuo ng kahulugan, identidad, ideolohiya, at ugnayan ng kapangyarihan. Samakatuwid, pangunahing susuriin gamit ang teoryang ito ang mga pahiwatig ng ideolohiya, pananaw sa relasyon, identidad, kapangyarihan, at kalagayang panlipunan na nakapaloob sa diskurso ng pag-ibig sa bawat panahon.

Bilang mga pantulong na lente sa pagsusuring tekstuwal, gagamitin ang Pormalismo at Semiotika upang sistematikong matukoy ang mga tekstuwal na katangiang nagsisilbing ebidensiya sa interpretasyon. Gagamitin ang Pormalismo sa pagsusuri ng sukat, tugma, estruktura, diksyon, himig, at tono; samantalang gagamitin ang Semiotika sa pagsusuri ng talinghaga, imahen, simbolo, at ugnayan ng mga ito sa kahulugan.

Sa ganitong ayos, hindi magkakapantay ang mga lente sa pagsusuri**:** ang Teorya ng Diskurso ang pangunahing lente**,** habang ang Pormalismo at Semiotika ay mga pantulong na lente para sa pagtukoy at pagpapaliwanag ng tekstuwal na ebidensiya. Ang mga natukoy na elementong ito ang magiging batayan ng Pagsusuri ng Nilalaman (Content Analysis) at Mapanuring Pagsusuri (Critical Analysis)**.** Sa bawat pangunahing natuklasan, iuugnay ang tekstuwal na ebidensiya sa mga tanong hinggil sa diskurso, ideolohiya, identidad, kapangyarihan, at kontekstong panlipunan.


Sa pamamagitan ng integrasyong ito, maipapaliwanag kung paano nagbabago ang diskurso at representasyon ng pag-ibig mula sa panahon ni Francisco Baltazar, sa makabayang romantisismo ni José Corazón de Jesús, hanggang sa kontemporaryong pagpapahayag ni Juan Miguel Severo. Ang mga resulta ay gagamitin bilang batayan sa pagbuo ng kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo na nakatuon sa literasiyang pampanitikan, kritikal na pag-iisip, at pagpapahalaga sa kulturang Filipino.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Pigura 1.**
*Balangkas Teoretikal-Analitikal ng Pag-aaral*




**Paglalahad ng Suliranin**

Sa kabila ng patuloy na pag-unlad ng panulaang Filipino mula sa mga klasikong anyo hanggang sa makabagong at kontemporaryong pagpapahayag, nananatiling mahalagang suliranin ang sistematiko at malalim na pagsusuri sa mga paraan kung paano inilalarawan at ipinahahayag ang pag-ibig sa iba't ibang panahon at kontekstong panlipunan. Bagama't may mga pag-aaral na nakatuon sa pagsusuri ng mga piling tula at sa mga partikular na elementong pampanitikan, nananatiling mahalaga ang isang mas komprehensibong pagsusuri na nag-uugnay sa talinghaga, simbolismo, imahen, himig o tono, at mensahe sa iba't ibang mukha ng pag-ibig sa mga akdang kumakatawan sa magkakaibang yugto ng panulaang Filipino.

Higit pa rito, mahalagang matukoy kung paano nagkakaiba at nagkakatulad ang pagpapahayag ng pag-ibig sa mga piling akda nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo, gayundin kung paano ito sumasalamin sa mga karanasan, pagpapahalaga, at kalagayang panlipunan ng kanilang panahon. Ang ganitong pagsusuri ay makatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa panitikang Filipino at sa pag-uugnay ng mga tekstong pampanitikan sa mga usaping kultural at panlipunan.

Dahil dito, nilalayon ng pag-aaral na magsagawa ng masusing pagsusuring pampanitikan sa mga piling tula ng tatlong makata upang matukoy ang mga elementong pampanitikan, mailarawan ang iba't ibang mukha ng pag-ibig, at matalakay ang mga sosyo-kultural at pedagogikal na implikasyon ng mga natuklasan. Batay sa mga resulta, layunin din ng pag-aaral na makabuo ng isang kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo sa Filipino na maaaring makatulong sa pagpapalawak ng literasiyang pampanitikan, kritikal na pag-iisip, at pagpapahalaga sa panitikang Filipino.

**Layunin ng Pananaliksik**

**Pangkalahatang Layunin**

Layunin ng pag-aaral na magsagawa ng masusing pagsusuri sa mga piling tula ng pag-ibig nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo upang matukoy ang mga elementong pampanitikan,



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

mailarawan ang iba't ibang mukha ng pag-ibig, at matalakay ang mga sosyo-kultural at pedagogikal na implikasyon ng mga natuklasan bilang batayan sa pagbuo ng isang kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino.

**Tiyak na mga Layunin**

Layunin ng pag-aaral na:

1. Masuri ang mga elementong pampanitikan, partikular ang talinghaga, simbolismo, imahen, himig o tono, at mensahe, na nakapaloob sa mga piling tula nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo;
2. Matukoy at mailarawan ang iba't ibang mukha ng pag-ibig na ipinahahayag sa mga piling tula ng tatlong makata;
3. Matalakay ang mga sosyo-kultural at pedagogikal na implikasyon ng mga natukoy na mukha ng pag-ibig batay sa pagsusuri sa mga piling tula; at
4. Makapagpanukala ng isang kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino batay sa mga resulta ng pagsusuri sa mga piling tula.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Upang maisakatuparan ang mga layunin ng pag-aaral, sasagutin nito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-anong mga elementong pampanitikan ang nakapaloob sa mga piling tula nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo batay sa:
   a. talinghaga;
   b. simbolismo;
   c. imahen;
   d. himig o tono; at
   e. mensahe?
2. Ano-ano ang mga mukha ng pag-ibig na ipinahahayag sa mga piling tula nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo?
3. Ano ang mga sosyo-kultural at pedagogikal na implikasyon ng mga natukoy na mukha ng pag-ibig batay sa pagsusuri sa mga piling tula?
4. Anong kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino ang maaaring imungkahi batay sa mga resulta ng pagsusuri sa mga piling tula?

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na nakatuon sa pagsusuring pampanitikan. Ginagamit ang content analysis at critical analysis bilang mga pangunahing pamamaraang analitikal, habang isinasagawa ang close reading bilang sistematikong proseso ng masusing pagbasa at pagsusuri ng mga piling teksto. Sa kwalitatibong pananaliksik, binibigyang-diin nina Creswell at Creswell (2023) ang malalim na pag-unawa sa kahulugan ng mga teksto sa kanilang kontekstuwal na kalagayan. Samantala, pinagtitibay nina Krippendorff (2019) at Neuendorf (2017) ang content analysis bilang sistematikong paraan ng pagtukoy sa mga tema, at kahulugan ng teksto, samantalang ipinakikita ni Tyson (2015) ang kahalagahan ng kritikal na pagsusuri sa pag-unawa sa mga ideolohikal at panlipunang dimensiyon ng mga akda. Ang mga pamamaraang ito ay ginagamit upang masuri ang mga pormal na elemento, mga mukha ng pag-ibig, at mga sosyo-kultural na kahulugang nakapaloob sa mga piling tula.

**Corpus at mga Yunit ng Pagsusuri**

Ang corpus ng pag-aaral ay binubuo ng anim (6) na piling tekstong pampanitikan na nagsisilbing mga yunit ng pagsusuri. Kabilang dito ang: (1) “Pag-ibig” ni José Corazón de Jesús; (2) “Isang Punongkahoy” ni José Corazón de Jesús; (3) “Florante at Laura” – Awit 1 ni Francisco Baltazar; (4) “Florante at Laura” – Awit 2 ni Francisco Baltazar; (5) “Kay Selya” ni Francisco Baltazar; at (6) “Mga Basang Unan” ni Juan Miguel Severo. Ang mga tekstong ito ang nagsilbing pangunahing corpus na sinuri batay sa kanilang mga elementong pampanitikan at mga mukha ng pag-ibig.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Pamantayan sa Pagpili ng mga Teksto**

Ginamit ang purposive o criterion-based sampling sa pagpili ng mga tekstong isasailalim sa pagsusuri. Ang mga akda ay pinili batay sa sumusunod na pamantayan: (1) tunay na maiuugnay sa napiling makata; (2) ang pangunahing tema o mahalagang subteksto ay nakatuon sa pag-ibig; (3) may sapat na tekstuwal na nilalaman para sa masusing pagsusuri; (4) may tiyak, naa-access, at nabeberipikang pangunahing tekstong pampanitikan (5) kumakatawan sa kontekstong pampanitikan at panahong saklaw ng pag-aaral; at (6) naglalaman ng sapat na halimbawa ng talinghaga, simbolismo, imahen, himig/tono, mensahe, at iba pang elementong kinakailangan upang masagot ang mga tanong sa pananaliksik.

**Instrumento sa Pagsusuri**

Ang pangunahing instrumento sa pag-aaral ay ang Gabay sa Pagsusuri ng Nilalaman (Content Analysis Guide/Analysis Matrix) na binuo ng mananaliksik. Naglalaman ito ng mga kategorya para sa pagtatala ng (1) tekstuwal na ebidensiya; (2) mga elementong pampanitikan tulad ng talinghaga, simbolismo, imahen, himig/tono, at mensahe; (3) mga temang lumilitaw sa teksto; (4) mga natukoy na mukha ng pag-ibig; at (5) mga sosyo-kultural at pedagogikal na implikasyon ng mga natuklasan. Sinuri ang instrumento ng mga eksperto sa wika at panitikan upang matiyak ang kaangkupan, kalinawan, at kaugnayan ng mga kategorya sa mga layunin ng pag-aaral. Isinagawa ang mga rebisyon sa instrumento batay sa mga puna at mungkahi bago ito ginamit sa aktuwal na pagsusuri.

**Pangangalap ng mga Teksto**

Isinagawa ang pangangalap ng anim na pangunahing tekstong pampanitikan mula sa tiyak at beripikableng mga sanggunian na aktuwal na kinonsulta ng mga mananaliksik. Sa pagtukoy, pagpili, at pagpapatunay sa mga tekstong gagamitin, sinangguni ang mga kaugnay na materyal at publikasyon nina Alano (2025), Kagawaran ng Edukasyon (2013), Ontolan (2020), at Severo (2014). Ginamit ang mga sangguniang ito bilang batayan sa pagtukoy at pagpapatunay sa awtor, pamagat, edisyon, taon, at pinagmulan ng bawat pangunahing teksto.

Ang tiyak na pinagmulan ng bawat akda ay nakatala sa Talaan ng Pagtutunton ng Pinagmulan ng mga Pangunahing Tekstong Pampanitikan at itinugma sa Talaan ng mga Sanggunian upang matiyak ang beripikabilidad, transparency ng pinagmulan, at wastong pagsubaybay sa mga tekstong ginamit.

Matapos nito, isinagawa ang masusing pagbasa sa bawat akda upang matukoy at maitala ang mahahalagang salita, pahayag, talinghaga, simbolismo, imahen, himig, mensahe, at iba pang tekstuwal na ebidensiyang may kaugnayan sa mga tanong sa pananaliksik.

**Talahanayan 1**
*Talaan ng Pagtunton ng Pinagmulan ng mga Pangunahing Tekstong Pampanitikan*

| Pangunahing Tekstong Pampanitikan | May-Akda | Tiyak na Edisyon o Pinagkuhanan | Taon | Tagapaglathala/Repositoryo/Mapaa-access na Sanggunian |
|---|---|---|---|---|
| Pag-ibig | José Corazón de Jesús | *Panitikang Pilipino: Ikawalong Baitang (Kagamitan ng Mag-aaral)* | 2013 | Kagawaran ng Edukasyon – Bureau of Learning Resources |
| Isang Punongkahoy | José Corazón de Jesús | *Filipino 9: Panitikang Asyano – Tula ng Pilipinas, Unang Markahan, Modyul 3* (Alternative Delivery Mode, Unang Edisyon, 2020) | 2020 | Department of Education – Region IX; makukuha sa DepEd Learning Portal (LRMDS) |
| Florante at Laura (Awit 1) | Francisco Baltazar | *Florante at Laura: Gabay sa* | *2025* | |



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *Pagtugon sa Hamon ng Lipunan*, unang edisyon, unang limbag | | Veco Paper Corporation (Concepcion Street, Buli, Muntinlupa City, Philippines) |
| Florante at Laura (Awit 2) | Francisco Baltazar | *Florante at Laura: Gabay sa Pagtugon sa Hamon ng Lipunan*, unang edisyon, unang limbag. | *2025* | Veco Paper Corporation (Concepcion Street, Buli, Muntinlupa City, Philippines) |
| Kay Selya | Francisco Baltazar | *Florante at Laura: Gabay sa Pagtugon sa Hamon ng Lipunan*, unang edisyon, unang limbag | *2025* | Veco Paper Corporation (Concepcion Street, Buli, Muntinlupa City, Philippines) |
| Mga Basang Unan | Juan Miguel Severo | *Juan Miguel Severo – "Mga Basang Unan"* [Video] | 2014 | YouTube, Juan Miguel Severo; published May 24, 2014 |

**Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos**

Isinagawa ang pagsusuri ng datos sa isang sistematikong proseso. Una, paulit-ulit na binasa ang buong corpus upang magkaroon ng kabuuang pag-unawa sa bawat teksto. Ikalawa, tinukoy at itinala ang mahahalagang tekstuwal na ebidensiya at binigyan ang mga ito ng kaukulang koda batay sa gabay sa pagsusuri. Ikatlo, inuri ang mga ebidensiya ayon sa talinghaga, simbolismo, imahen, himig o tono, mensahe, at iba pang kaugnay na elementong pampanitikan. Ikaapat, tinukoy ang mga umuulit na tema at mukha ng pag-ibig na lumilitaw sa bawat teksto. Ikalima, isinagawa ang paghahambing ng mga natukoy na pattern at kahulugan sa mga akda ng tatlong makata. Ikaanim, iniugnay ang mga natuklasan sa historikal, kultural, panlipunan, at ideolohikal na konteksto ng mga teksto. Ikapito, mula sa mga natukoy na mukha ng pag-ibig at implikasyon ng mga ito, binuo ang mga pedagogikal na implikasyon at batayan para sa iminungkahing kagamitang pampagtuturo. Sa prosesong ito, ang mga interpretasyon ay nakabatay sa aktuwal na tekstuwal na ebidensiya at sa sistematikong pag-uuri at paghahambing ng mga datos sa halip na sa pansariling palagay lamang ng mananaliksik.

**Mga Pagsasaalang-alang sa Etika**

Bagama't walang mga kalahok na tao ang pag-aaral, isinasaalang-alang pa rin ang mga prinsipyong etikal na naaangkop sa pananaliksik pampanitikan na nakabatay sa mga teksto. Binigyang-diin ang intelektuwal na pag-aari, wastong pagkilala sa mga awtor, tumpak na pagsipi, at akademikong integridad. Ang mga sanggunian at ideyang hiniram mula sa ibang awtor ay wastong kinilala gamit ang APA 7th Edition. Tiniyak din na ang mga sipi mula sa mga akdang pampanitikan ay tumpak at hindi binago ang orihinal na kahulugan o konteksto. Sa paggamit ng mga pangunahing tekstong pampanitikan, isinasaalang-alang ang mga naaangkop na tuntunin hinggil sa karapatang-ari (copyright) at wastong paggamit ng mga sipi.

**MGA RESULTA AT TALAKAYAN**

Inilalahad sa bahaging ito ang sistematikong presentasyon, pagsusuri, at pagpapakahulugan sa mga datos na nalikom hinggil sa talinghaga, simbolismo, imahen, himig at tono, at mensahe sa mga piling tula nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo. Nakatuon ang pagsusuri sa mga tekstuwal na ebidensiyang



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

tuwirang makikita sa mga tula upang matukoy ang iba't ibang mukha ng pag-ibig na inilalarawan sa bawat akda. Mula sa mga elementong ito, binubuo ang sintesis ng pag-ibig bilang damdamin, karanasan, sakripisyo, pangungulila, pagdurusa, at paghilom, gayundin ang mga implikasyong sosyo-kultural at pedagogikal na maaaring gamitin sa pagtuturo ng panitikan.

**Talahanayan 2**
*Pagsusuri ng mga Elemento ng mga Tula hinggil sa Talinghaga*

| Pag-ibig ni José Corazón de Jesús | Isang Punongkahoy ni José Corazón de Jesús | Florante at Laura (Awit 1) ni Francisco Baltazar | Florante at Laura (Awit 2) ni Francisco Baltazar | Kay Selya ni Francisco Baltazar | Mga Basang Unan ni Juan Miguel Severo |
|---|---|---|---|---|---|
| Isang aklat na maputi, ang isinusulat:luha! | Sa mga sanga ko ay nangakasabit ang pugad ng mga ibon ng pag-ibig | Sa isang madilim, gubat na mapanglaw | Ang pag-ibig na wagas at Dalisay ay siyang nagbibigay ng lakas at pag-asa sa puso | Ngayong namamanglaw sa pangungulila, ang ginagawa kong pag-aliw sa dusa. | Luha ang pinakamabisang pang-langgas sa sugat ng puso |
| At ang ilog kung bumaha, tandaan mo't minsan lamang | Ako'y tila isang nakadipang krus | "Luha'y tumatagak sa pisngi't dibdib | Ang bawat labanan ay puno ng kabayanihan | Liniligawan ko ang iyong larawan sa Makating ilog na kinalagian | Kinailangan kong ibilad sa araw ang unan ko kinabukasan |
| Kapag nag-alab na't pati mundo'y nalimutan | Habang ang kandila ng sariling buhay, magdamag na tanod sa aking libingan | "O langit! nasaan ang dating ligaya? | Sa gitna ng panganib, sila'y naging sandigan | Sa ilog na mababaw, yaring aking puso'y laging lumiligaw | Nagdurugo ako noong umalis ka, pero mas nagdurugo ako sa unang gabi. |
| Ang marunong umibig, bawat sugat ay bulaklak | May isang batis, mahagpo't magdamag na nagtutumangis | Pag-ibig ang sanhi ng kapwa nilang dusa | | | |
| Ang pag-ibig ay may mata, ang pag-ibig ay di bulag | At saka ang buwang tila nagdarasal | "Ang pusong halos lamunin ng kawalan ng pag-asa | | | |

Sa tulang *Pag-ibig* ni José Corazón de Jesús, ang "Isang aklat na maputi, ang isinusulat: luha!" ay maaaring basahin bilang talinghagang naglalarawan sa puso bilang pahinang napupuno ng karanasan at pighati. Ang "bawat sugat ay bulaklak" naman ay nag-uugnay sa sakit sa posibilidad ng pagbabago ng damdamin. Sa *Isang Punongkahoy*, ang "nakadipang krus" ay sumasagisag sa bigat ng sakripisyo at paghihirap, habang ang "batis na nagtutumangis" ay nagpapahiwatig ng patuloy na pagdaloy ng dalamhati. Sa Pormalismo at Semiotika, nagsisilbing tekstuwal na palatandaan ang mga talinghagang ito ng sakit, sakripisyo, at pagninilay. Sa Teorya ng Diskurso, ipinakikita nito kung paano binubuo ang pag-ibig bilang damdaming may kasamang pagtitiis at sakripisyo, na humuhubog sa identidad ng umiibig.

Sa mga akda ni Francisco Baltazar, higit na alegorikal ang paggamit ng talinghaga. Sa *Florante at Laura*, ang "madilim na gubat na mapanglaw" ay maaaring iugnay sa panganib, dalamhati, at kaguluhan. Sa *Kay Selya*, ang "puso'y laging lumiligaw" ay nagpapahiwatig ng emosyonal na pagkaligaw at pangungulila. Samantala, sa *Mga Basang Unan* ni Juan Miguel Severo, ang "luha" bilang "pang-langgas sa sugat ng puso" ay kumakatawan sa pagharap at paghilom mula sa sakit. Sa Teorya ng Diskurso, ipinakikita ng mga talinghagang ito ang iba't ibang paraan ng pagbuo sa pag-ibig: kay Baltazar, kaugnay ito ng panganib, pangungulila, at mga puwersang panlipunan; kay Severo, nakatuon ito sa sakit, pagkawala, at paghilom.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Talahanayan 3**
*Pagsusuri ng mga Elemento ng mga Tula hinggil sa Simbolismo*

| Pag-ibig ni José Corazón de Jesús | Isang Punongkahoy ni José Corazón de Jesús | Florante at Laura (Awit 1) ni Francisco Baltazar | Florante at Laura (Awit 2) ni Francisco Baltazar | Kay Selya ni Francisco Baltazar | Mga Basang Unan ni Juan Miguel Severo |
|---|---|---|---|---|---|
| • Aklat<br>• Ilog/baha<br>• Paru-paro | • Krus<br>• Organo<br>• Batis | • Ibon<br>• Aladin<br>• Tanikala | • Albanyang bayan<br>• Hukbo ni Adolfo<br>• Menandro | • Larawang guhit<br>• Ilog Beata<br>• Puno ng manga | • Basang Unan<br>• Luha<br>• Mga Alaala |

Sa mga akda ni José Corazón de Jesús, ang "paruparo" sa *Pag-ibig* ay maaaring unawain bilang larawang sumasagisag sa pagiging marupok at madaling maakit ng damdamin. Sa *Isang Punongkahoy*, ang "krus" at "organo" ay kaugnay ng relihiyoso at mapagnilay na himig ng tula. Sa Semiotika, ang mga simbolong ito ay nagtataglay ng kahulugang higit sa kanilang literal na tinutukoy. Sa Teorya ng Diskurso, nakatutulong ang mga ito sa pagbuo ng diskurso ng pag-ibig na nakaugat sa sakripisyo, pananampalataya, pagninilay, at lalim ng damdamin.

Sa *Florante at Laura*, ang "tanikala" ay sumasagisag sa pagkakagapos at kawalan ng kalayaan, na maaari ring iugnay sa usapin ng pang-aapi. Sa *Kay Selya*, ang "puno ng mangga" ay kaugnay ng alaala at pagbabalik-tanaw sa nakaraan. Samantala, sa *Mga Basang Unan*, ang "basang unan," "luha," at "mga alaala" ay nag-uugnay sa pangungulila, sakit, at pagkawala. Sa Semiotika, ang mga ito ay mga palatandaang nagpapalalim sa kahulugan ng akda. Sa Teorya ng Diskurso, ang "tanikala," halimbawa, ay hindi lamang larawan ng pagkakabilanggo kundi palatandaan ng kapangyarihang naglilimita sa kalayaan. Dahil dito, ang pag-ibig sa *Florante at Laura* ay lumalampas sa personal na damdamin at nagiging bahagi ng diskurso ng kalayaan, kapangyarihan, at kawalan ng katarungan.

**Talahanayan 4**
*Pagsusuri ng mga Elemento ng mga Tula hinggil sa Imahen*

| Pag-ibig ni José Corazón de Jesús | Isang Punongkahoy ni José Corazón de Jesús | Florante at Laura (Awit 1) ni Francisco Baltazar | Florante at Laura (Awit 2) ni Francisco Baltazar | Kay Selya ni Francisco Baltazar | Mga Basang Unan ni Juan Miguel Severo |
|---|---|---|---|---|---|
| Bulaklak<br>Hukay<br>Langit | Buwan<br>Kampana<br>Tabing ng dahoon | Mapanglaw na gubat<br>Binatang gapos<br>Mga ibon sa sanga | Panganib sa Gubat<br>Pag-ibig Kay Laura | Alaala<br>Ilog<br>Larawan ni Selya | Basang Unan<br>Luha |

Sa mga tula ni José Corazón de Jesús, makikita ang biswal at pandamang imahe sa mga salitang "bulaklak," "hukay," at "langit" sa *Pag-ibig*, gayundin sa "buwan," "tabing ng dahon," at "kampana" sa *Isang Punongkahoy*. Nakatutulong ang mga imaheng ito sa pagbuo ng mga eksenang may kaugnayan sa pag-ibig, pagdurusa, pagninilay, at pagpanaw. Sa Pormalismo at Semiotika, nagsisilbi ang mga imahe bilang konkretong tekstuwal na ebidensiya ng emosyonal na kalagayan. Sa Teorya ng Diskurso, ang mga ito ay nakatutulong sa pagbuo ng romantiko at mapagnilay na diskurso ng pag-ibig, kung saan ang damdamin ay inilalarawan bilang malalim, marupok, at may kaakibat na sakripisyo.

Sa *Florante at Laura*, ang "mapanglaw na gubat" at "binatang gapos" ay bumubuo ng malinaw na imahen ng kapaligiran at kalagayan ng tauhan. Sa *Kay Selya*, ang "larawan ni Selya" at "ilog" ay nagsisilbing biswal na imaheng kaugnay ng alaala at pangungulila. Samantala, sa *Mga Basang Unan*, ang "basang unan" at "luha" ay mga pandamang imaheng nagpapakita ng bakas ng matinding kalungkutan. Sa Teorya ng Diskurso, ipinakikita ng mga imaheng ito kung paano kinakatawan ang umiibig: kay Baltazar, bilang taong humaharap sa panganib,



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

pagkakagapos, at pangungulila; at kay Severo, bilang indibidwal na hayagang humaharap sa personal na sakit at pagkawala.

**Talahanayan 5**
*Pagsusuri ng mga Elemento ng mga Tula hinggil sa Himig o Tono*

| Pag-ibig ni José Corazón de Jesús | Isang Punongkahoy ni José Corazón de Jesús | Florante at Laura (Awit 1) ni Francisco Baltazar | Florante at Laura (Awit 2) ni Francisco Baltazar | Kay Selya ni Francisco Baltazar | Mga Basang Unan ni Juan Miguel Severo |
|---|---|---|---|---|---|
| Malungkot, masalimuot, at romantiko. | Mapagnilay, masalimuot, at kontemplatibo | Malungkot at mapait | Mapusok at romantiko, may halong pag-asa. | Masaya, romantiko, at malumanay | Malungkot, nakakaantig, at mapanlikha. |

Sa tulang *Pag-ibig* ni José Corazón de Jesús, ang himig at tono ay mapagnilay at mapagbigay-babala, na makikita sa pag-uugnay ng pag-ibig sa panganib, sakit, at pagbabago ng damdamin. Sa *Isang Punongkahoy*, nangingibabaw ang mapanglaw at mapagnilay na tono, na pinatitibay ng mga imaheng "nakadipang krus" at "batis na nagtutumangis," gayundin ng mga pahayag hinggil sa paglisan. Sa Pormalismo, ang mga salita at estruktura ng pahayag ang batayan sa pagtukoy ng tono. Sa Teorya ng Diskurso, ipinakikita nito ang romantikong diskurso kung saan ang pag-ibig ay binibigyang-halaga sa pamamagitan ng lalim ng damdamin, pagtitiis, at sakripisyo.

Sa *Florante at Laura* (Awit 1), malungkot at mabigat ang himig, na iniuugnay sa "madilim na gubat," luha, panganib, at pagdurusa. Sa Awit 2, higit na nangingibabaw ang pag-asa at katatagan, lalo na sa mga pahayag tungkol sa pag-ibig at kabayanihan. Sa *Kay Selya*, mapanglaw at mapangulila ang himig, na nakaugat sa pangungulila, pag-alala, at nawalang ligaya. Sa Teorya ng Diskurso, ipinakikita ng pagbabago ng tono na ang pag-ibig kay Baltazar ay kaugnay din ng katapatan, kabayanihan, kalayaan, at kalagayan ng tao at lipunan.

Sa *Mga Basang Unan* ni Juan Miguel Severo, nangingibabaw ang malungkot at mapagnilay na tono, na makikita sa paggamit ng "luha," "basang unan," at mga pahayag tungkol sa sakit ng paghihiwalay. Sa Teorya ng Diskurso, ang tuwiran at lantad na wika ay bumubuo ng kontemporaryong diskurso ng personal na karanasan, kung saan ang sakit, kahinaan, pagkawala, at paghilom ay hayagang bahagi ng identidad ng umiibig. Sa ganitong paraan, makikita ang paglipat mula sa higit na simboliko at romantikong pagpapahayag tungo sa mas personal at lantad na diskurso ng pag-ibig.

**Talahanayan 6**
*Pagsusuri ng mga Elemento ng mga Tula hinggil sa Mensahe*

| Pag-ibig ni José Corazón de Jesús | Isang Punongkahoy ni José Corazón de Jesús | Florante at Laura (Awit 1) ni Francisco Baltazar | Florante at Laura (Awit 2) ni Francisco Baltazar | Kay Selya ni Francisco Baltazar | Mga Basang Unan ni Juan Miguel Severo |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang pag-ibig ay may kasamang sakripisyo at hirap | Ang pag-ibig at damdamin ay may kasamang sakripisyo | Pag-asa sa gitna ng pighati | Ang wagas na pag-ibig ay nagbibigay ng lakas | Ang wagas na pag-ibig ay nananatili | Ang sakit sa pag-ibig ay bahagi ng karanasan |

Sa *Pag-ibig* ni José Corazón de Jesús, ipinakikita na ang pag-ibig ay makapangyarihang damdaming maaaring maghatid ng ligaya ngunit maaari ring magdulot ng sugat at pagsubok. Sa *Isang Punongkahoy*, higit na binibigyang-diin ang pagninilay sa buhay, sakripisyo, alaala, at pagpanaw. Sa diskursibong pagbasa, iniuugnay ng mga mensaheng ito ang pag-ibig sa katapatan, pagtitiis, at sakripisyo, na humuhubog sa identidad ng umiibig bilang taong handang humarap sa sakit at manatiling tapat sa damdamin. Sa *Florante at Laura*, ang mensahe ay may personal at panlipunang dimensiyon, na nakatuon sa katapatan, sakripisyo, pag-asa, at pagharap sa kawalan ng katarungan. Sa *Kay Selya*, nananatili ang pag-ibig sa pamamagitan ng alaala at patuloy na pagpapahayag ng damdamin sa kabila ng paghihiwalay. Sa Teorya ng Diskurso, ipinakikita nito na ang pag-ibig ay nabubuo sa ugnayan


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

ng personal na damdamin at kalagayang panlipunan, kung saan ang katapatan at pag-asa ay nagiging bahagi rin ng diskurso tungkol sa kalayaan, katarungan, at pakikibaka. Sa *Mga Basang Unan* ni Juan Miguel Severo, nakatuon ang mensahe sa pagharap sa sakit ng pagkabigo at pagkawala. Ang "luha" at "basang unan" ay nagiging konkretong larawan ng pagdadalamhati at pagtanggap. Sa Teorya ng Diskurso, bumubuo ito ng kontemporaryong diskurso ng pag-ibig na kumikilala sa kahinaan, pagkawala, at paghilom bilang bahagi ng karanasan. Sa ganitong pananaw, ang pag-ibig ay hindi lamang katuparan kundi isa ring proseso ng pag-unawa at pagtanggap sa sarili.

**Talahanayan 7**

*Ang mga Mukha ng Pag-ibig na Nakapaloob sa mga Piling Tula nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo*

| Pag-ibig ni José Corazón de Jesús | Isang Punongkahoy ni José Corazón de Jesús | Florante at Laura (Awit 1) ni Francisco Baltazar | Florante at Laura (Awit 2) ni Francisco Baltazar | Kay Selya ni Francisco Baltazar | Mga Basang Unan ni Juan Miguel Severo |
|---|---|---|---|---|---|
| Pag-ibig bilang isang makapangyarihang puwersa na nagbibigay-liwanag at sigla sa buhay ng tao | Ang pag-ibig ay mas tahimik at mapagnilay | Pag-ibig ay isang dalamhati at pagdurusa | Pag-ibig ay sakripisyo | Pag-ibig ay puno ng pangungulila at hinanakit | Pag-ibig bilang personal, sugatan, at mapagpalaya |

Ang mga tekstuwal na obserbasyon sa talinghaga, simbolismo, imahen, himig/tono, at mensahe ang nagsisilbing batayan ng pagsusuri. Ginagamit ang Pormalismo at Semiotika bilang pantulong na lente sa pagtukoy at pagpapaliwanag ng mga palatandaang tekstuwal, samantalang ang Teorya ng Diskurso ang pangunahing lente sa pag-unawa sa identidad, relasyon, pagpapahalaga, ideolohiya, at kapangyarihang nabubuo sa mga akda.

Sa ganitong pananaw, ang pag-ibig ay hindi lamang personal na damdamin kundi diskursong panlipunan na naaapektuhan ng panahon, kultura, karanasan, at kalagayan ng tao. Kay José Corazón de Jesús, nabubuo ang pag-ibig bilang wagas, malalim, mapagtiis, at may sakripisyo. Kay Francisco Baltazar, naiuugnay ito sa pagkakagapos, panganib, kalayaan, kapangyarihan, at katarungan. Samantala, kay Juan Miguel Severo, lumilitaw ang mas tuwiran at personal na diskurso ng sakit, pagkawala, alaala, at paghilom.

Sa paghahambing, makikita na nagbabago ang representasyon ng pag-ibig batay sa konteksto ng panahon at paggamit ng wika. Hindi lamang ito romantikong relasyon, kundi maaari ring maging anyo ng sakripisyo, pangungulila, pagdurusa, pag-asa, pag-alala, at paghilom. Sa *Florante at Laura*, halimbawa, ang pag-ibig ay naiuugnay sa kalayaan, kapangyarihan, at kawalan ng katarungan, samantalang sa mga akda nina José Corazón de Jesús at Juan Miguel Severo, higit na nangingibabaw ang pagninilay, personal na damdamin, at pagharap sa pagkawala.

Sa kabuuan, ang talinghaga, simbolismo, imahen, himig/tono, at mensahe ang nagsisilbing tekstuwal na ebidensiya, habang ang Teorya ng Diskurso ang nag-uugnay sa mga ito sa mas malawak na sosyo-kultural na kahulugan. Sa gayon, ang pag-ibig sa mga piling tula ay maaaring unawain bilang isang diskursong may iba't ibang anyo at kahulugan, na hinuhubog ng identidad, relasyon, pagpapahalaga, panahon, at kalagayang panlipunan.

**Anong kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino ang maaaring imungkahi batay sa mga resulta ng pagsusuri sa mga piling tula?**

Batay sa mga resulta ng pagsusuri sa mga piling tula ng pag-ibig nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo, iminumungkahi ang isang kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino na maaaring magsilbing gabay ng guro at mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Ang panukalang kagamitan ay ibabatay hindi lamang sa mga natukoy na mukha ng pag-ibig at mga elementong pampanitikan tulad ng talinghaga, simbolismo, imahen, himig, tono, tema, at mensahe, kundi sa diskursibong pagsusuri kung paano binubuo ng mga tekstong ito ang pananaw tungkol sa identidad, relasyon, pagpapahalaga, kapangyarihan, at kalagayang panlipunan.

Maaaring idisenyo ang kagamitan bilang modyul o workbook na naglalaman ng piling tula, maikling konteksto ng mga makata at akda, gabay sa pagsusuri, at mga gawaing nakaugnay sa karanasan at kalagayan ng


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

mga mag-aaral. Maaari itong maglaman ng apat na antas ng gawain: (1) pagtukoy sa tekstuwal na ebidensiya; (2) pagsusuri sa talinghaga, simbolismo, imahen, himig at tono; (3) diskursibong pagbasa sa ideolohiya, identidad, relasyon, kapangyarihan, at kontekstong panlipunan; at (4) paghahambing sa pagbabago ng diskurso ng pag-ibig sa iba't ibang panahon. Sa ganitong disenyo, direktang naipapakita sa kagamitang pampagtuturo ang ugnayan ng Pormalismo at Semiotika bilang pantulong na lente at ng Teorya ng Diskurso bilang pangunahing lente.

Ang sumusunod na ugnayan ay maaaring maging batayan sa pagdidisenyo ng panukalang kagamitan, na may malinaw na pagsunod sa pangunahing diskursibong lente:

**Talahanayan 8**
*Batayan sa Pagdidisenyo ng Panukalang Kagamitan*

| Natuklasan sa Pagsusuri | Iminumungkahing Bahagi ng Kagamitan |
|---|---|
| Mga mukha ng pag-ibig | Pagsusuri at paghahambing ng mga mukha ng pag-ibig |
| Talinghaga at simbolismo | Pagpapakahulugan sa mga pahayag at simbolo |
| Imahen, himig at tono | Pagsusuri sa damdamin at larawang nabubuo sa tula |
| Tema at mensahe | Interpretasyon at pagbuo ng pangunahing kaisipan |
| Kaugnayan sa karanasan ng mag-aaral | Kontekstuwalisadong talakayan, repleksiyon, at malikhaing gawain |

Ipinakikita sa Talahanayan 8 ang naging batayan sa pagdidisenyo ng panukalang kagamitan na nabuo mula sa mga pangunahing natuklasan sa pagsusuri ng mga piling tekstong pampanitikan. Ang bawat natuklasang elemento ay tinumbasan ng angkop na bahagi ng kagamitan upang matugunan ang mga pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa talahanayan, ang mga mukha ng pag-ibig ay gagamitin bilang batayan sa mga gawaing nakatuon sa pagsusuri at paghahambing ng iba't ibang anyo ng pag-ibig. Ang talinghaga at simbolismo naman ay isasama sa mga gawaing nagpapalalim sa pagpapakahulugan sa mga pahayag at simbolong ginamit sa mga akda. Samantala, ang imahen, himig, at tono ay magsisilbing batayan sa pagsusuri ng damdamin at mga larawang nabubuo sa tula.

Ang tema at mensahe ay bibigyang-diin sa pamamagitan ng mga gawaing nakatutulong sa interpretasyon at pagbuo ng pangunahing kaisipan. Higit sa lahat, ang kaugnayan ng mga akda sa karanasan ng mag-aaral ay isasalin sa kontekstuwalisadong talakayan, repleksiyon, at malikhaing gawain. Sa kabuuan, ang mga natuklasan sa pagsusuri ay nagsisilbing konkretong gabay sa pagbuo ng kagamitan na makabuluhan, kontekstuwalisado, at nakatuon sa aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Konklusyon**

Ipinakikita ng pagsusuri sa mga piling tula nina José Corazón de Jesús, Francisco Baltazar, at Juan Miguel Severo na ang talinghaga, simbolismo, imahen, himig o tono, at mensahe ay mahahalagang elementong nag-aambag sa pagbuo at pagpapalalim ng kahulugan ng mga akda. Sa pamamagitan ng mga elementong ito, naihahayag ang iba't ibang damdamin, karanasan, at pananaw hinggil sa pag-ibig sa magkakaibang kontekstong pampanitikan at panlipunan.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang pag-ibig sa mga piling tula ay hindi lamang nakapaloob sa romantikong ugnayan. Lumitaw din ito bilang makapangyarihang puwersa, mapagnilay na karanasan, dalamhati, sakripisyo, pangungulila, at personal na proseso ng pagharap sa sakit at paghilom. Nagkakaiba man ang paraan ng pagpapahayag ng tatlong makata, ipinakikita ng kanilang mga akda na ang pag-ibig ay nakaugat sa malalim na karanasan ng tao at sa kontekstong panlipunan at kultural na pinagmumulan ng bawat akda.

Mula sa pananaw ng Teorya ng Diskurso, ang mga natuklasang ito ay nagpapakita na ang kahulugan ng pag-ibig ay nagbabago kasabay ng historikal, kultural, at panlipunang konteksto ng bawat akda. Kay Francisco Baltazar, ang pag-ibig ay naiuugnay hindi lamang sa katapatan, pangungulila, at sakripisyo kundi maging sa kalayaan, kapangyarihan, pagkakagapos, at kawalan ng katarungan, kaya ang personal na damdamin ay nagkakaroon ng mas malawak na panlipunang kahulugan. Kay José Corazón de Jesús, ang diskurso ng pag-ibig ay higit na nakatuon sa lalim ng damdamin, pagtitiis, pagninilay, at sakripisyo, na humuhubog sa identidad ng umiibig bilang taong tapat at mapagtiis. Samantala, kay Juan Miguel Severo, lumilitaw ang mas tuwiran at personal na diskurso ng sakit, pagkawala, alaala, kahinaan, at paghilom, kung saan ang pagharap sa emosyonal na karanasan ay nagiging bahagi ng pagbuo ng identidad at pag-unawa sa sarili. Sa paghahambing ng tatlong panahon, makikita ang paglipat mula sa higit na alegorikal at panlipunang pagpapahayag tungo sa mas personal at lantad na pagtalakay sa karanasan ng umiibig.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang masusing pagsusuri sa mga piling tula ay maaaring magpalalim sa pag-unawa sa panitikang Filipino, partikular sa mga paraan ng pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng mga elementong pampanitikan at sa iba't ibang representasyon ng pag-ibig. Batay sa mga natuklasan, ang mga ito ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo sa Filipino para sa paglinang ng literasiyang pampanitikan at mapanuring pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

Sa ganitong pagbasa, pinatutunayan ng pag-aaral na ang mga tekstuwal na elemento ay hindi lamang mga katangiang pampanitikan kundi mga palatandaang nagiging daan upang mabasa ang mas malawak na diskurso ng pag-ibig. Ang Pormalismo at Semiotika ay nagsilbing pantulong sa pagtukoy at pagpapaliwanag ng tekstuwal na ebidensiya, samantalang ang Teorya ng Diskurso ang nag-uugnay sa mga ito sa identidad, relasyon, pagpapahalaga, ideolohiya, kapangyarihan, at kalagayang panlipunan. Samakatuwid, ang mga piling tula ay nagpapakita na ang pag-ibig ay isang diskursong patuloy na nabubuo at nagbabago ayon sa panahon, kultura, karanasan, at ugnayang panlipunan.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan, ang mga sumusunod ay maaaring isaalang-alang:

1. Maaaring gumamit ang mga guro ng sistematikong gabay sa pagsusuri ng tula na nakatuon sa talinghaga, simbolismo, imahen, himig o tono, at mensahe upang matulungan ang mga mag-aaral na makabuo ng mas organisado at mapanuring interpretasyon ng mga akda. Maaari ring isaalang-alang ang paggamit ng mga estratehiyang may malinaw na paggabay sa pagbasa at pagpapayaman ng talasalitaan upang higit na masuportahan ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong Filipino (Gabilan & Balbada, 2026).
2. Maaaring gamitin ang mga replektibo at diskursibong gawain tulad ng pagsusulat sa journal, talakayan, at pagsusuring sitwasyonal upang maiugnay ng mga mag-aaral ang mga tema at mukha ng pag-ibig sa mga kontekstong pampanitikan, panlipunan, at kultural.
3. Maaaring paunlarin ang iminungkahing tulang gabay, workbook, at multimodal na materyales bilang mga suplementaryong kagamitan sa pagtuturo ng panitikang Filipino, na daraan muna sa angkop na pagsusuri at balidasyon ng mga eksperto bago gamitin nang mas malawakan.
4. Maaaring magsagawa ang mga susunod na mananaliksik ng karagdagang pag-aaral sa mas maraming makata, genre, at kontemporaryong anyo ng panulaang Filipino upang mapalawak ang pag-unawa sa pagbabago ng mga representasyon ng pag-ibig sa iba't ibang panahon at konteksto.
5. Maaaring magsagawa ng hiwalay na empirikal na pag-aaral na may mga guro at mag-aaral upang masuri ang kakayahang magamit, katanggap-tanggap, at potensiyal na halagang pang-edukasyon ng iminungkahing kagamitang pampagtuturo.

## MGA SANGGUNIAN

Alano, J. C. (2025). *Florante at Laura: Gabay sa pagtugon sa hamon ng lipunan*. Veco Paper Corporation.

Arcilla, F. E., Jr. (2024). Poetic devices, thematic significance and social realities in poetry: A critical literature review. *Randwick International of Education and Linguistics Science Journal, 5*(1), 70–85. https://doi.org/10.47175/rielsj.v5i1.935

Bashō, M. (2022). *Bashō: The complete haiku of Matsuo Bashō* (A. Fitzsimons, Trans.). University of California Press. https://doi.org/10.1525/9780520385597

Chen, J. (2024). A study on analyzing symbolism in literature by combining computer vision techniques. *Applied Mathematics and Nonlinear Sciences, 9*(1). https://doi.org/10.2478/amns-2024-2521

Cogo, D. A., Sacare, M. R., & Moca, J. (2026). Diversity ng wika: Pagsusuri sa varyasyong leksikal ng wika sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat. *Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF), 1*(2), 37-51. https://doi.org/10.63498/pdpf5

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2023). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (6th ed.). SAGE Publications.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Curwood, J. S. (2024). My beating and bleeding heart for all of you: Enacting culturally sustaining pedagogy through spoken word poetry. *Journal of Adolescent & Adult Literacy, 68*(2), 152–161. https://doi.org/10.1002/jaal.1374

Dalde, J. M. S. (2022). Habang wala pa sila: Masining na pagsusuri sa mga tula ng pag-ibig ni Juan Miguel Severo. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 2*(11). https://www.ijams-bbp.net/archive/vol-2-issue-11-november/habang-wala-pa-sila-masining-na-pagsusuri-sa-mga-tula-ng-pag-ibig-ni-juan-miguel-severo/

Delamide, D. B., Rosadio-Avila, R., Bayhon, G. G. B., Alih, C. B., Lacerna, R. L., & Derilo, P. V. (2025). The role of folklore and oral traditions in shaping Philippine literary canon. *In Proceedings of the 1st International Conference on Intelligent Methods and Advanced Computer Scientific Innovations (IMACSI 2025) (Vol. 4, pp. 38–43).* SCITEPRESS. https://doi.org/10.5220/0014196500004932

Elisan, M. A. M. (2024). Pormalistikong pagdalumat sa mga tula ni Ron Canimo. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8*(5), 9–20. https://www.ajhssr.com/pormalistikong-pagdalumat-sa-mga-tula-ni-ron-canimo/

Esparagoza, C. E., & Flores, T. A. (2026). Nagaragumo: Pagtukib sa mga salik ng pagbabago ng lingguwistikong identidad ng mga Karay-a. *Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF), 1*(1), 1-13. https://doi.org/10.63498/pdpf1

Fairclough, N. (1992). *Discourse and social change.* Polity Press.

Foucault, M. (1972). *The archaeology of knowledge.* Pantheon Books.

Gabilan, G. M. O., & Balbada, E. S. (2026). Epekto ng kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment sa kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral ng Ikapitong Baitang sa Asignaturang Filipino. *Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF), 1*(2), 52-65. https://doi.org/10.63498/pdpf6

Kagawaran ng Edukasyon. (2013). *Panitikang Pilipino: Ikawalong baitang (Kagamitan ng mag-aaral).* Bureau of Learning Resources.

Kangasharju, A. I., Ilomäki, L., & Toom, A. (2024). Online poetry writing at school – comparing lower secondary students' experiences between individual and collaborative poetry writing. *Frontiers in Education, 9*, 1380790. https://doi.org/10.3389/feduc.2024.1380790

Krippendorff, K. (2019). *Content analysis: An introduction to its methodology* (4th ed.). SAGE Publications, Inc. https://doi.org/10.4135/9781071878781

Lemieux, A., Barton, G., Lewkowich, D., White, B., & Ho, S. (2024). Teaching poetry using Instagram: An international, interdisciplinary study with adolescents mobilizing literacy and the arts. *Language and Literacy, 26*(3), 52–74. https://doi.org/10.20360/langandlit29694

Masinadiong, D. M., & Pines, V. A., Jr. (2024). Isang diskursong pagsusuri sa antas ng wika na ginamit ng mga mag-aaral sa kanilang isinulat na spoken word poetry. *EPRA International Journal of Research and Development, 9*(4). https://doi.org/10.36713/epra16486

Mendoza-Baquing, J. (2023). Isang pagsasalin at pagsusuri sa mga piling maikling kuwento. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 9*(6), 11–24. https://doi.org/10.36713/epra13465

Munita, F., & Torres, C. (2024). Manifestaciones de la relación con la poesía del alumnado adolescente: un estudio colectivo de casos. *Literatura y Lingüística, 49*, 239–269. https://doi.org/10.29344/0717621X.49.3690

Na, N., Kim, S., & Kim, J. (2024). A "Trans-East Asian" approach to love poetry by modern Korean, Chinese, and Japanese women poets. *The Journal of Study on Language and Culture of Korea and China, 71*, 179–215. https://doi.org/10.16874/jslckc.2024..71.007

Neuendorf, K. A. (2017). *The content analysis guidebook* (2nd ed.). SAGE Publications, Inc. https://doi.org/10.4135/9781071873045

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Ontolan, J. S. (2020). *Filipino 9: Panitikang Asyano—Tula ng Pilipinas (Unang Markahan, Modyul 3).* Department of Education–Region IX. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/21312

Reynaert, V., Possik, J., Demarey, C., Kieken, D., Abert, B., & De Witte, B. (2024). Immersive poetry learning: A field study with middle school students. *Frontiers in Education, 9*, 1463635. https://doi.org/10.3389/feduc.2024.1463635

Severo, J. M. (2014, May 24). *Mga basang unan* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=6xKxTDJiJ2Q

Topper, R., & Suhr-Sytsma, N. (2024). Introduction: Poetics from the Global South. *Interventions, 26*(3–4), 381–391. https://doi.org/10.1080/1369801X.2023.2290570

Tyson, L. (2015). *Critical theory today: A user-friendly guide* (3rd ed.). Routledge.

Una, E. P. (2026). Wika ng kabataan sa digital na panahon. *Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF), 1*(2), 1-9. https://doi.org/10.63498/pdpf2

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (2020). *Global education monitoring report 2020: Inclusion and education: All means all.* UNESCO. https://doi.org/10.54676/JJNK6989



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*